
5

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## ICT and Entrepreneurship – Modyul 3:

### “May Pera sa Pagbebenta!”



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**ICT and Entrepreneurship – Modyul 3: "May Pera sa Pagbebenta!"**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Mario G. Garcia
**Editor:** Wilma S. Carreon, Rey A. Brozas, Gary B. Mosquito
**Tagasuri:** Medarlou A. Genoguin, Roxlee Joy Acorin
**Tagalapat:** Eugene S. Ignacio
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Judella R. Lumpas
Margarito A. Cadayona, Jr.
Jose B. Mondido
Francisco L. Bayon-on, Jr.
Amer L. Santolorin
Medarlou A. Genoguin

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Regional No. VIII**
Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# 5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## ICT and Entrepreneurship – Modyul 3:

## "May Pera sa Pagbebenta!"

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **E.P.P. - Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **ICT and Entrepreneurship - May Pera sa Pagbebenta!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang idisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka bilang gurong tagapagdaloy na matulungang makamit ng mga mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong aral na ito ay inaasahang makapagdudulot sa mga mag-aaral ng malayang pagkatuto ng mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit nila ang mga kasanayang pang 21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang mabibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **<u>E.P.P. - Ikalimang Baitang</u>** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **<u>ICT and Entrepreneurship - May Pera sa Pagbebenta!</u>**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutunan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang nalalaman mo sa aralin sa modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mo nang tunguhin ang kasunod na bahagi ng modyul na ito. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pag-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang iyong mga sagot sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pagpupuno sa mga patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutunan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman |

| | |
|---|---|
| | o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayain*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutunang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutunang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang mga sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul na ito. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Maging tapat sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapan sa pagsagot sa mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang tanungin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipan na hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng modyul na ito ay makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pag-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Bilang isang *entrepreneur* na nagnanais na magtayo ng negosyong pantahanan o pampamayanan, kailangan mong matutunan ang mga paraan at paalala kung paano maibebenta ang mga natatanging paninda. Makatutulong ito upang matiyak na ang produkto ay magiging patok sa mga mamimili at makapagbibigay sa iyo ng tiyak na kita.

Sa pamamagitan ng Modyul na ito, matutulungan ka kung paano makapagbenta ng natatanging paninda.

## *Subukin*

**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot sa mga paraan ng pagbebenta ng mga produkto sa inyong pamayanan. Gawin ito sa iyong kwaderno.

1. Karneng baboy

   a. papiraso b. nakabote c. dinosena d. kinilo

2. Itlog ng manok

   a. nakabote b. nakabaso c. nakatrey d. nakatali

3. Bagoong dilis

   a. nakabalot b. nakabote c. papiraso d. kinilo

4. Ginataan

   a. kinilo b. nakatasa c. nakabasket d. nakatrey

5. Bibingka

   a. nakabote b. papiraso c. kinilo d. nakatali

6. Kalabasa

   a. dinosena b. kinilo c. nakatali d. nakabaso

7. Upo

   a. dinosena b. nakatali c. kinilo d. nakatrey

8. Talong

   a. nakatali b. kinilo c. dinosena d. nakabaso

9. Sitaw

   a. nakasupot b. kinilo c. nakatali d. nakatasa

10. Pinya

    a. nakatrey b. nakatali c. dinosena d. papiraso

# Aralin 1 May Pera sa Pagbebenta

Sa pagnenegosyo may mga bagay na dapat isaalang-alang para maging legal at lihitimo ang mga ito. Kung masusunod ang tamang proseso sa pagnenegosyo, ang isang negosyante ay maaaring umasenso at kumita ng malaki.

## *Balikan*

Sa nakaraang modyul ay natutunan mo ang mga negosyo na maaaring pagkakitaan at ang mga taong nagangailangan ng ankop na produkto at serbisyo. Ang mga ito ay maaaring gawin sa tahanan at pamayanan sa pamamagitan ng pagtitinda.

May alam ka bang mga produktong maaari mong ibenta? Ano-ano ang mga ito? Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

## *Tuklasin*

Sa pagpapatuloy ng aralin, basahin at unawain ang bawat linya ng tula.

**Tindahan ni Inay**

Sa aming pamayanan
Ay may tingiang tindahan,
May sariwang isda
Mga gulay na masustansiya
Prutas na makulay
Dagdagan pa ng serbisyong mahusay
Tindahan ng aking inay
Sari-saring paninda ang taglay.

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa kwaderno.

1. Ano-ano ang mga nabanggit na tinda ng kanyang inay?
2. Ano ang tawag sa tindahang ito?
3. Bakit kaya ito ang itinitinda ng kanyang inay?
4. Paano ang pagtitinda ng kanyang inay?
5. Marami kaya ang bumili sa tindahan ng kanyang inay? Paano mo nasabi?

## *Suriin*

Ang Pagbebenta ng mga Natatanging Paninda

Sa pagsisimula ng isang negosyo kailangang isaalang-alang ang pagiging masinop at malikhain. Ito ay makatutulong para mapalago at mapangalagaan ng mabuti ang napiling negosyo. Narito ang ilang mungkahi na dapat tandaan.

1. Piliin at suriin ng mabuti ang produktong nais ibenta.

2. Maging mapanuri sa mga produktong makikita sa mga tindahan at kilatisin ng mabuti ang presyo, klase ng materyales, sangkap na ginamit, kulay at iba pa. Kung matibay at dekalidad ang produkto, bumili ng magkakahawig na maaaring magsilbing gabay sa pagbuo ng panibagong produkto.

3. Para lalong mapaganda at masiguro ang kalidad ng disenyo ng isang produkto maaaring magtanong at humingi ng mga suhestiyon mula sa mga kakilala at mamimili.

4. Lumikha ng kaparehong produkto at subukan ang tibay nito sa pamamagitan ng paggamit araw-araw. Maaaring ipagamit din ito sa ibang tao para sa mga karagdagang komento kung paano mas papagandahin ang produkto.

5. Tanggapin ang mga negatibong komento kung mayroon man para baguhin at pagandahin ang kaparehong produkto upang makamit ang kalidad nito na maaaring tangkilikin ng mga mamimili.

6. Kung nais makapagbenta ng maramihan at makakuha ng paunang puhunan, maaaring dumulog sa Department of Trade and Industry (DTI) para sa mga karagdagang konsepto sa pagdidisenyo at pagbuo ng mga produkto (product development).

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap at lagyan ng tsek [✓] ang bawat bilang kung sang-ayon at (✕) naman kung hindi.

______ 1. Ang paghingi ng opinyon sa mga kakilala at mamimili upang malaman kung ang iyong produktong ninanais ay maaari mong gawin bilang isang *entreprenuer.*

______ 2. Kung may mga negatibong puna sa iyong produkto ay hayaan nalang at ituloy ang pabebenta nito.

______ 3. Ang pagpili ng produktong ibebenta na patok sa masa at madaling gawin upang maging matiwasay at maayos ang pagtitinda.

______ 4. Sa pamumuhunan at pagbebenta ay dapat lumapit sa *Depatment of Education.*

______ 5. Mas mabuting gumawa ng *prototype* o halimbawa ng ibebenta mong produkto.

## *Isaisip*

***"I CAN BE ENTREPINOY"***

Kung ikaw ay magiging isang *entrepreneur* balang araw, ano-ano kaya ang mga dapat mong gawin at isaalang-alang sa pagbebenta ng mga natatanging produkto na magiging patok sa masa? Paano mo ito palalaguin?

Magbigay ng mga magagandang katangian na aakma sa katagang *"I CAN BE AN ENTREPINOY"*.

## *Isagawa*

**Panuto:**

Magsagawa ng *survey* hinggil sa mga produktong ibinibenta ng mga negosyante sa loob ng iyong barangay. Magtanong-tanong kung paano sila nagsimulang magbenta at kung ano-ano ang mga produktong pinakamabili sa kanila.

Sa gawaing ito, maaari kang magpatulong sa iyong mga magulang o sa mas nakatatanda sa iyo. Huwag kalilimutang magsuot ng *mask* at mag obserba ng *social distancing.*

## *Tayahin*

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang salitang tutugon sa patlang sa bawat pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| Prototype | produkto | entreprenuer |
| Department of Trade and Industry | innovation | |

1. Ang isang _________ ay kailangang maging masinop at malikhain.
2. Pumili ng isang ________ na nais gawin o ibenta.
3. Magmasid sa mga pamilihan ng mga kaparehong produkto upang makakuha ng dagdag na kaalaman o _________ hinggil sa presyo, materyal na ginamit, sangkap, kulay at iba pa.
4. Gumawa ng ____________ o halimbawa ng naisip ng bagong produkto. Subuking gamitin nang malaman kung gumagana at matibay ito. Maaaring ipagamit din ito sa ibang tao para mabigyan ng ebalwasyon, komento, at suhestiyon.
5. Kung nagnanais na mamuhunan at magbenta nang maramihan, maaring magpatulong sa _____________________ upang makakuha ng mga ideya sa pagdedesisyon at pagbuo ng mga produkto *(Product development).*

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto**: Basahing mabuti ang mga sumusunod na sitwasyon. Ilagay sa loob ng kahon ang tsek (✓) kung sang-ayon, (X) naman kung hindi.

| SITWASYON | Sang-ayon | Di Sang-Ayon |
|---|---|---|
| 1. Ang ina ni Perla ay tindera ng karne. Hindi niya inilagay ang karne sa palamigan dahil abalang-abala siya sa ibang ginagawa. | | |
| 2. Matapos makuha ang itlog sa pugad ay pinagbubukod-bukod ito ayon sa laki. Pagkatapos ay isinasalansan ang mga ito sa trey. | | |
| 3. Si Mang Gil ay nagbebenta nang lansakan at kinilong karneng baka sa pamilihang bayan. | | |
| 4. Ang isang mag-anak ay uunlad kung pabaya sa pag-aalaga ng mga hayop. | | |
| 5. Ang pagpili ng produkto na mabilis maibenta ay magdudulot ng maraming kita. | | |



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. D
2. C
3. B
4. B
5. B
6. B
7. C
8. B
9. C
10. D

**Pagyamanin**

1. √
2. x
3. √
4. x
5. √

**Isagawa**

Kanya-kanyang sagot sa sarbey na ginawa.

**Tayahin**

1. *entreprenuer*
2. produkto
3. *innovation*
4. prototype
5. Department of Trade Industry

**Karagdagang Gawain:**

| | Sang-ayon | Di-sang ayon |
|---|---|---|
| 1. | | X |
| 2. | / | |
| 3. | / | |
| 4. | | x |
| 5. | / | |

# *Sanggunian*


Curriculum Guide EPP5IE-0b-5 p.17

Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran: Batayang Aklat ng Grade 5, pahina 9-10

EPP-4 Batayang Aklat, pahina 2-5

EPP-4 Patnubay ng Guro, Pahina 2-4

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph